Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 5, BLG. 1 DAET, CAMARINES NORTE MAYO, 2014
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

## Inauguration Highlights

***MOA signing of PRDP***

Nilagdaan ang *Memorandum of Agreement (MOA)* para sa implementasyon ng *Philippine Rural Development Program (PRDP)* sa Camarines Norte na may kaakibat na P300 milyong pondo mula sa *Department of Agriculture* at P30 milyong bakas ng *PGCN* para sa mga proyektong *farm to market roads,* atbp.

***Pledge of Support of PAHP to the CN Agri-Pinoy Trading Center***

Dumating din si Dipayan Battacharya, *Food Security Head* ng *World Food Program* na nagpahayag ng

(Sundan sa pahina 3)

**Maikling kasaysayan ng lupang kinatatayuan ng Agri-Pinoy Trading Center**

- Ang lupa na nasa Sityo Mat-I, Brgy. Sto. Domingo, Vinzons ay klasipikadong agricultural, natatamnan at tinatamnan noon ng pinya bukod sa ilang puno ng niyog. Ito'y isinanla sa *Development Bank of the Philippines (DBP)* at nailit *(foreclosed)* dahil hindi nakabayad ang may-ari.
- *Isinalin* ng *DBP* ang lupa sa *DAR* dahil sa ilalim ng

(Sundan sa pahina 2)




*Ang APTC ay nasa Sitio Mat-I, Brgy Sto Domingo, Vinzons along the national highway; may malawak na display at trading floor para sa hanggang 95 metric tons ng gulay at prutas na ibebenta ng wholesale. Mayroon ditong cold storage, canteen, lounge area, guardhouse, parking area, rest rooms at mga kagamitan tulad ng digital weighing scale, atbp..*

# Pasinaya ng Agri-Pinoy Trading Center, hudyat ng pag-asenso ng sakahan sa lalawigan

## *DA Sec. Proceso Alcala at DAR Sec. Virgilio delos Reyes special guests sa pasinaya*

HININGI ni *Sec.* Proceso J. Alcala ng *Department of Agriculture (DA)* ang patuloy na pakikiisa at lubos na suporta ng mga magsasaka upang maging mabilis ang pag-asenso ng Camarines Norte. "Ito ang simula nang mas malalim na programa ng kagawaran para sa inyo at ang unang-unang mababago ay ang inyong buhay," wika ng kalihim sa kanyang pagsasalita sa inagurasyon ng *Agri-Pinoy Trading Center (APTC)* noong Mayo 15, 2014 sa Sityo Mat-I, Brgy. Sto. Domingo, Vinzons.

"Huwag nating tawaging *bagsakan center* ang lugar na ito dahil baka isipin ng iba; nag-uumpisa pa lamang ay bagsak na,"hiling pa ni *DASec.* Alcala,"

(Sundan sa pahina 3)





# Insentibong P 9.9 milyon, patunay ng mahusay at masinop na pagpapatupad ng ARCP2 sa Camarines Norte

Isa sa mahalagang bahagi ng programa sa pasinaya ng *Agri-Pinoy Trading Center (APTC)* ay ang pagkakaloob sa Pamahalaang Panlalawigan ng plake ng *Performance Based Grant System (PBGS)* kaakibat ang halagang P9.9 milyon bilang *financial grant* dahil sa magandang implementasyon ng *Agrarian Reform Community Project 2 (ARCP2)* dito sa probinsya.

Base sa pamantayan ng *Department of Agrarian Reform (DAR)*, nasunod ng gobyerno probinsyal sa pamumuno ni Gob. Edgardo A. Tallado ang mga sukatan para sa maayos at masinop na pagpapatupad ng mga proyekto sa ilalim ng ARCP2.

Bilang gantimpala ay isinoli ang *equity* o P9.9 milyon na bakas na halaga na kailangang ilaan ng lalawigan tuluyang mapabilang ang Camarines Norte na isa sa mga *ARCP2 beneficiaries*.

Ang naibalik na halaga ay bahagi pa lamang ng P 33 milyon ng *PBGS* na ipagkakaloob ang ka-

(Sundan sa pahina 4)




***(larawan sa kanan)* Iniaabot ni DAR Sec. Virgilio delos Reyes ang pinalaking kopya ng tseke kay Gob. Egay Tallado bilang simbolo ng pagsosoli sa Camarines Norte ng 10 porsyentong halaga ng pondong iniambag ng probinsya sa kabuuang pondo na ginugol sa implementasyon dito ng ARCP2.**

# Wheelchairs, saklay, atbp., ipinagkaloob sa 52 PWDs

Muli na namang nadama ng mga *persons with disabilities (PWDs)* ang tuluy-tuloy na pagkalinga ng Pamahalaang Panlalawigan sa kanilang hanay kasunod ng isinagawang pamahagi ng iba't-ibang *assistive devices* sa mga kwalipikadong *PWDs* noong Mayo 13, 2014.

Sa loob ng programang isinagawa sa *Provincial Capitol Lobby*, ipinamigay ni Gob. Tallado ang mga *assistive device na* 14 *wheelchairs*, 16 *crutches*, 8 *single canes (adjustable/folding)*, 6 *quad canes* at 8 *single canes (ordinary/adjustable)* sa layuning kahit paano ay matulungan ang mga *PWDs* na makakilos nang maayos lalo na sa mga pagkakataong naiiwan silang mag-isa. Ang ginastos sa pabili ng assistive devices ay mula sa regular na pondo para sa iba't-ibang programa na tumutugon ilang sa pangangailangan ng mga *PWDs.*

Ang may 52 benepisyaryong *PWDs* mula sa iba't-ibang bayan sa lalawigan ay una nang pinili ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)* susog sa pamantayang ipinatutupad nito.

Sa mensahe ni Gob. Tallado, sinabi nito na hangga't siya ay gobernador; tuluy-tuloy na pagkalinga ang madarama at matatamasa ng *PWDs* mula sa pamahalaang panlalawigan.

Matatandaan na noong Enero 10, 2013 at Pebrero 28, 2013, nakapamahagi na rin ng *wheelchairs* sa mga kwalipikadong *PWDs* ang pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *PSWDO*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***



*Nagpakuha ng larawan ang mga PWDs sa harap ng kapitolyo kasama si Gob. Edgardo A. Tallado matapos silang makatanggap ng wheelchairs, at iba pang assistive devices mula sa pamahalaang panlalawigan.*

# 65 mag-aaral sa kolehiyo, nakinabang sa Summer Job Program ng Kapitolyo

Matapos ang kanilang *summer job employment* sa kapitolyo, 65 mag-aaral sa kolehiyo ang tatanggap ng sweldo na tig P250.00 kada araw sa loob ng isang buwan kung saan ang 60% nito o P150.00 ay babayaran ng Pamahalaang Panlalawigan, at ang 40% o P100.00 ay babayaran naman ng *Department of Labor and Employment (DOLE)* sa pamamagitan ng *Education Voucher.*

Bunga ito ng *Special Program for the Employment of Students (SPES)* kung saan pinahihintulutang magtrabaho sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaan ang mga mag-aaral sa kolehiyo upang may maipambayad sila sa ilang gastusin sa pagbubukas ng kanilang klase sa Hunyo 2014.

Taun-taong itinataguyod ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang *SPES*. Ang mga benepisyaryo nito ay nasa ikatlo at ika-apat na taon na sa kolehiyo at pinili batay sa resulta ng kanilang *examination* at *interview*.

Sa isang oryentasyon bago ang aktwal nilang pagtratrabaho sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan, ipinaalam sa kanila ang kanilang magiging mga responsibilidad at tungkulin bilang mga *SPES recipients* kabilang dito ang pag-obserba nila sa tamang oras ng pagpasok at paglabas sa trabaho; angkop na pananamit, at ang kahalagahan ng pagkakaroon ng dedikasyon sa trabaho.

Pormal na nagtapos ang *SPES 2014* sa pamamagitan ng isang *close out activity* noong Mayo 23, 2014 sa *Little Theater, Provincial Capitol*, Daet. ***MARILYN PACINOS-ASIS/LORENA DELA TORRE-IBASCO/JAC***

# PRDP sa Camarines Norte...

*(Mula sa pahina 3)*

na ang *total project cost* ng *PRDP sa buong bansa* ay *PhP*27.53 *billion*. Ang *PhP*20.55 *billion* ay magmumula sa *World Bank*; *PhP*3.57 *billion* ay manggaling sa *GOP* at ang *PhP*3.118 *billion* ay *equity* ng mga *LGUs* na benepisyaryo ng *PRDP*.

Ang *PRDP* ay may 4 na sangkap:

***I-Plan*** – pagpaplano sa mga programa tulad ng pagsusulong ng paggawa ng *coco geonet* bilang pagkakakitan;

***I-Build*** – pagsasagawa ng mga inprastraktura tulad ng *farm to market roads* at iba pang *support facilities;*

***I-Reap*** – pagtatatag ng mga *rural enterprises* upang makamit ang mataas na ani mula sa negosyo o kalakal mula sa mga pangisdaan at sakahan; at

***I-Support*** – *implementation support* o iba pang mga programang makakatulong para maging matagumpay ang kabuuang proyekto.

Nasasaad sa kasunduan na magtutulungan ang mga pamahalaang lokal at nasyonal pati mga pribadong sektor sa pagbibigay ng mga mahahalagang *infrastructure facilities*, *technology*, at impormasyon para mapataas ang kinikita, produksyon, at *competitiveness* ng mga magsasaka sa *rural areas.*

Hangad ng *PRDP* na sa loob ng 6 na taon ay tumaas ng limang porsyento (5%) ang taunang *real farm incomes* ng *PRDP household beneficiaries*; tatlumpong porsyentong (30%) pagtaas ng kita ng mga *target beneficiaries* sa *enterprise development*; pitong poryenstong (7%) pagtaas ng halaga ng *annual marketed output,* at dalawampung porsyentong (20%) pagtaaas ng bilang ng mga magsasaka at ma-ngingisda na nakakatanggap ng mas mahusay na serbisyo ng pamahalaan. ***Jing A. Calimlim/Ricky Vito***

# Isang may kapansanan sa paningin na nagtapos ng BSEd-Major in Special Education binigyang-pagkilala ng Sangguniang Panlalawigan

Sa pamamagitan ng Sangguniang Panlalawigan Resolusyon Blg. 198-2014, ay binigyan ng komendasyon si Necy Gonzales bilang kaunaunahan umanong *visually-impaired PWD* dito sa Camarines Norte na nakapagtapos ng kursong *BS Education-Major in Special Education* mula sa *Mabini Colleges*.

Si Gonzales ay kinilala dahil sa kanyang determinasyon na makapagtapos ng kolehiyo at patunayan sa lahat na hindi hadlang ang kawalan ng paningin para maabot ang ambisyon sa buhay. Sa katulad niyang *visually-impaired*, tila imposibleng makamit ang pangarap niyang edukasyon ngunit sa sulo ng liwanag ng pagtitiwala at pagkalinga na ipinagkaloob sa kanya ng *Mabini Colleges* nakakita siya ng kakaibang liwanag na bumuhay sa pangarap at determinasyon niya na magsikap at magtiyaga para makuha ang diploma na simbolo ng karunungang taglay niya ngayon.

Pinagtibay din ng Sangguniang Panlalawigan ang Resolusyon Blg. 197-2014 bilang pagbibigay-komendasyon sa pamunuan ng *Mabini Colleges (MC)* sa bukas-palad na pagtanggap at pag-aalalay sa isang *PWD* na tulad ni Gonzales. Ito ay simbolo ng pagbibigay ng kolehiyo ng pantay na oportunidad sa mga estudyante at pagtitiwala nito sa talino at kakayahan ng mga *PWDs* na makapagtapos ng pag-aaral at maging kapaki-pakinabang na mga inidibidwal. Ito rin ay bilang pagtalima nito sa Seksyon 12 ng *R.A. 7277* na mas kilala bilang *The Magna Carta for Persons with Disabilities*.

Kinikilala din ng pamahalaang panlalawigan ang programa at gawain ng iba pang paaralan, samahan at institusyon na kumakalinga sa mga *PWDs* dito sa Camarines Norte. Hinihikayat din sila ni Gob. Edgardo A. Tallado na ipaalam at ipatala sa *Provincial Social Welfare Development Office (PSWDO)* ang kani-kanilang mga *accomplishments* upang mabigyan din sila ng kaukulang parangal at pagkilala. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/jing arriola calimlim***



Si Princess Necy Gonzales, ay may taglay ding ganda ng boses at husay sa pagtugtog ng piano.

# maikling ...

***(Mula sa pahina 1)***

batas na ang mga *agricultural lands* na nailit ng bangko ay dapat mapunta sa *DAR*.

- Nabawasan ng kapiraso dahil nagtayo ng bahay at *animal farm* si dating Gobernador Jesus Typoco. Ito'y siningil sa kanya ng kaukulang kagawaran.
- Sa isang kasunduan sa pagitan ng gobyerno probinsyal at *DAR* ay nabigyan si Gob. Tallado ng karapatang magtayo doon ng *trading center* para sa mga produktong agrikultural. Ang gastos para sa pagtatayo ng gusali ay binalikat ng *DA*.
- Naglagay ng pundasyon at sinimulan ang konstruksyon ng *trading center* sa kaarawan ni Gob. Tallado noong Hulyo 9, 2013.
- Pinasinayaan ang *Agri-Pinoy* Trading *Center* noong Mayo 15, 2014.

# PRDP sa Camarines Norte, inaasahang mag-aangat ng kabuhayan

ANG Camarines Norte ang isa sa mga lalawigan na binigyang-prayoridad na mapabilang sa *medium-term nationwide rural development program* ng pamahalaaang nasyonal na tinatawag na *Philippine Rural Development Program (PRDP)* na ang pondo ay magmumula sa *World Bank*.

Nilagdaan ang *Memorandum of Agreement (MOA)* para dito noong Mayo 15, 2014 sa pasinaya ng *Camarines Norte Agri-Pinoy Trading Center*. Ang pamahalaang pambansa sa pamamagitan ng *Department of Agriculture (DA)* at ang mga *local government units (LGUs)* na kalahok dito tulad ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ay maglalaan din ng *counterpart fund*.

Nagpalista ang pamahalaang panlalawigan sa *PRDP* kaakibat ang panukala na *coco geonet* na *priority commodity* nito sa ilalim ng *I-Build component.*

Bago pa ang paglagda sa *MOA* ay una nang nagsagawa ng *Stakeholders Workshop for PRDP in Camarines Norte* noong nakaraang buwan sa *Little Theater, Provincial Capitol*. Sa may 40 *stakeholders* na dumalo, inilahad ang ang potensyal ng *coco geonets* sa Camarines Norte at ang mga maa-ring maging hadlang at usapin pa ukol dito. Pinag-usapan din dito kung paano lubos na magkakatulungan ang mga kinauukulang opisyal at tanggapan upang maisulong ang *coco geonets* na siyang produktong ikakalakal ng Camarines Norte.



***Nilalagdaan** (mula sa kaliwa-nakaupo) **nina DA Reg'l. Dir. Luis B. Bueno, DA Secretary Proceso J. Alcala, Gob. Edgardo A. Tallado at Shandy Hubilla- PRPD Luzon B Project Coordinator ang Memorandum of Agreement ukol sa nakatakdang implementasyon dito ng Philippine Rural Development Program (PRDP).***

Pinasalamatan ni Shandy Hubilla, *Director and Program Support Officer -Luzon B Project Coordinator*, si Gob. Edgardo A. Tallado sa paghikayat sa *PMIU* na magsagawa ng kinakailangang *Feasibility Study.* Ayon pa kay Hubilla malaki ang kanyang pag-asa na sa ilalim ng pamumuno ni Gob. Tallado ay matutupad ang layunin ng *PRDP*.

Ipinabatid ni Hubilla

*(Sundan sa pahina 2)*

# Pasinaya ng Agri-Pinoy ...

*(Mula sa pahina 1)*

Si *Sec.* Virgilio Delos Reyes ng *Department of Agrarian Reform* ay nagpahayag ng tuluy-tuloy na pagtulong ng kanyang kagawaran para sa repormang sakahan dito sa Camarines Norte.

Ipinagkaloob din dito ni *DAR Sec.* delos Reyes ang plake at tseke ng *performance based grant system* sa pamahalaang panlalawigan at pinangunahan ang *turn-over ceremony* para sa mga katatapos na proyektong ginawa sa ilalim ng *ARCP 2* na umabot sa halagang P54 milyon.

Ang dalawang kalihim ang panauhing pandangal sa pasinaya ng *Agri-Pinoy Trading Center (APTC)* noong ika– 15 ng Mayo 2014 sapagkat ang kanilang departamento ay parehong napakalaki ng naitulong sa sektok ng agrikultura sa Camarines Norte.

Bukod sa pasinaya ng *APTC* na sinasabing kauna-unahang pinakamalaking *trading center* sa kabikulan at kauna-unahang uri ng proyektong pang-agrikultura sa ilalim ng termino ni Pangulong Benigno Simeon C. Aquino III, marami pang naging tampok na gawain.

Nagsagawa rin ng *Farmers' Forum* na nagbigay-daan para sa mga katanungan at daing ng mga magsasaka sa Kagawaran ng Agrikultura. Mahusay at masayang sinagot ito ng kalihim at kaagad ay inutos niya sa mga kawani ng *DA* na naroon ang solusyong dapat nilang isagawa.

Naging sorpresang bahagi ng programa ang pa-*raffle* ng *DA* para sa mga magsasakang dumalo sa pasinaya. Walang pagsidlan ng tuwa ang mga nanalo ng papremyo gaya ng: 10 *sets* ng *bottom gill nets*, 5 *marine engines* para sa bangkang pangisda, 100 bags ng *certified palay seeds*, 200 *laminated sacks*, 20 *sets* ng *garden tools*, 10 *knapsack sprayers*, 10 *piglets*, 5 kalabaw, 2 *packets* ng tupa, at limang *hand tractors* na may kasamang *trailer*.

Bakas na bakas sa mukha ni Gob. Tallado ang kasiyahan dahil natupad ang kanyang pangarap na makapagtayo ng isang sentro na magiging susi para sa mabilis na pag-unlad ng mga magsasaka at mangingisda sa kanyang probinsya. Layunin ng *APTC* na magsilbing tagpuan ng mga magsasaka at mga mangangalakal ng produkto dito sa Camarines Norte na ang presyo'y naaayon sa umiiral sa mga pamilihan.

"Mawawala na ang mga negosyanteng ang ugali ay baratin ang mga magsasaka na ang resulta'y sila lang ang kumikita at ang mga magsasaka'y nababaon sa utang," sabi ni Gob. Tallado. Malaki ang malasakit ng gobernador sa mga nagtatanim dahil ito rin ang naging hanapbuhay niya noong lumalaban pa siya sa kahirapan.

"Umaasa ako na sa pamamagitan ng *APTC* ay higit na mag-iibayo ang pagtutulungan ng mga magsasaka at gobyerno probinsyal para sa kaunlaran ng Camarines Norte," dagdag pa ni Gob. Egay.

Sa mahigit P44 milyong pisong halaga ng proyektong *Camarines Norte Agri-Pinoy Trading Center*, ang P34,857,253.00 ay nanggaling sa *DA* na ginugol para sa konstruksyon ng mga gusali, pagbili ng *reefer vans*, at iba pang kagamitan. Ang ambag na pondo ng pamahalaang panlalawigan dito ay P9.5 milyong piso na inilaan naman para sa *pre-operating expenses*, *procurement fund* at pagbili ng *office furniture and equipment*. **(Rikki M. Vito-Communications Liaison)**



***PAGPAPAHAYAG NG SUPORTA:** (mula sa kaliwa) **si Dipayan Battacharya, Food Security Head ng World Food Program at DWSD Regional Director Arnel B. Garcia na ang kani-kanilang tanggapan ay kapwa magiging kliyente ng APTC dahil dito nila bibilhin ang mga gulay at prutas para sa kanilang feeding programs na isasagawa sa Camarines Norte sa ilalim ng programang Partnership Against Hunger and Poverty.***

## Inauguration Highlights...

*(Mula sa pahina 1)*

kanilang suporta sa *APTC*. Ipinabatid niya na ang Camarines Norte ang *pilot provincial government* para sa kanilang programang *Partnership Against Hunger and Poverty (PAHP)*.

Sa presensiya ni *Regional Director* Arnel B. Garcia, ay ipinakita rin ng *Department of Social Welfare and Development (DSWD)* ang kanilang suporta sa *APTC* sa pamamagitan ng *PAHP* kung saan isa ang kanilang ahensya sa magpapatupad ng naturang bagong programa.

***Awarding of PBGS check—*** Nagkakahalaga ng P 9.9 milyong piso ang tinanggap ng Camarines Norte mula sa *DAR* bilang insentibo sa mahusay na implementasyon dito ng *ARCP2*.

***Renewal of Contract for Calasgasan Seed Farm***

Nilagdaan din *nina DA Sec.* Alcala at Gob. Tallado ang panibagong kontrata para sa patuloy na pagbibigay ng pahintulot sa pamahalaang panlalawigan na magamit nito para sa programang pang-agrikultura ang *33.3 hectares DA facility – the Lowland Rainfed Research Station* (dating *Daet Seed Farm).*

***Distribution of Cheques, Farm Equipments etc***

Umabot sa halagang P54,452,050.77 ang ipinamahaging tseke para sa mga proyektong agrikultura, mga kagamitang pansaka, alagaing hayop, mga pananim, at iba pa ang ipinagkaloob ng DA sa pamamagitan ni *Sec.* Alcala sa mga magsasaka, mga pansakahang organisasyon at mga *local government units.*

***Ceremonial Turn-over of ARCP 2*—** Ipinagkaloob ang *Turn-Over Certificate* kay Gob. Edgardo A. Tallado at sa mga punong barangay para sa mga proyektong natapos sa ilalim ng *ARCP2.*

***Press Conference***

Nagdaos din ng isang *presscon* kung saan ang katanungan ng mga kinatawan ng *media* ukol sa mga usaping nasyonal ay nabigyang-tugon nina *DA Sec.* Alcala at *DAR Sec.* Delos Reyes gayundin kay Gob. Tallado na patungkol naman sa mga lokal na usapin.

Samantala ang pagbasbas ng bagong *APTC* ay pinangunahan ni *Rev. Fr.* Jose Angeles.

# Mensahe ni Gov. Egay sa pasinaya ng APTC

Magandang umaga po sa inyong lahat.

Mabuhay ang mga magsasaka! Buhay na buhay tayo sa araw na ito at sa mga darating pang mga araw dahil sa pagbubukas ng *Agri-Pinoy Trading Center (APTC)*. Tayo ang isa sa pinakamaswerteng probinsya sa buong Pilipinas sapagkat tayo ang kauna-unahang nagkaroon ng *AGRI-PINOY TRADING CENTER (APTC)* sa buong Kabikulan sa pamumuno ng Pangulong PNoy gayundin sa pangunguna ng masipag na si *Sec.* Proceso Alcala ng *Department of Agriculture (DA)*.

Noong ako'y hindi pa gobernador ng Camarines Norte, kapag lumuwas ako ng Metro Manila at pagbalik ko ng Camarines Norte, lagi ko pong tinitingnan 'yun pong nasa Sariaya, Quezon na kung tawagin ay bagsakan *center*. Ang sabi ko kapag ako'y naging gobernador; gagawin ko rin 'yan sa Camarines Norte. Heto na nga po, nangyari na 'yung pangarap natin sa Camarines Norte.

Ang araw na ito ay hindi lamang *opening* ng *Agri-Pinoy Trading Center*; ngayon po ay *launching* din ng *Partnerships Against Hunger and Poverty*. Sa buong Pilipinas, Camarines Norte ang napili para ilunsad ang naturang programa ng *Department of Social Welfare and Development (DSWD)*, *Department of Agriculture (DA)* at *Department of Agrarian Reform (DAR)*.

Isasagawa rin mamaya ang *MOA signing* para sa bagong programa ng *DA* na tinatawag na *PRDP* o *Philippine Rural Development Program*. Ang una nating gagawin dito ay ang pagpapasemento ng kalsada mula sa Brgy. Lanot, Mercedes hanggang sa Brgy. Mangcamagong, Basud. Nagkakahalaga po 'yan ng P300 milyon na ang *counterpart* po lamang ng pamahalaang panlalawigan ay 10 porsyento ng kabuuang halaga ng proyekto o P30 milyon lamang. 'Yan po ay unang proyekto pa lamang sa *PRDP* na sinasabi natin.

Napakaswerte ng Camarines Norte. Ang masasabi ko lamang ay puro pasasalamat sa mga ahensya na walang sawang tumutulong sa atin, una sa ating Pangulong Noynoy Aquino, pangalawa sa *DAR*. *More or less* P600 milyon na po ang naibigay sa atin ng *DAR* para sa pagpapasemento ng mga kalsada sa Camarines Norte. *Sec.* delos Reyes, 'yung galing sa regular ninyong pondo at 'yun pong sa *ARCP2*.

At ngayon ay may bonus pa tayo: pinagkalooban tayo nang umaabot sa 20 porsyento ng kabuuang halaga ng proyekto sa ilalim ng tinatawag na *Performance-Based Grant System (PBGS)*. Kumbaga po, walang nawala sa mga taga-Camarines Norte; kung nagkautang man ang *provincial government* ay ibinalik din ng *DAR* para gugulin natin sa ating bagong mga proyekto. Salamat po, salamat *Sec.* delos Reyes.

Ang isa pa nating pasasalamatan ay ang kalihim ng *DA* para dito sa *Agri-Pinoy Trading Center* at sa mga *farm to market roads (FMRs)*. Napakarami na po ng naibigay sa atin ng *DA* na pinamumunuan ni Sec. Alcala. Naipasemento na natin dito sa Camarines Norte ang mga *farm to market roads* na umaabot na sa 250 kilometro dahil po sa tulong n'yo, *Sec.* Alcala at *Sec.* Delos Reyes. Madadagdagan pa 'yan ng 100 kilometro dahil nga sa bagong programa ng *DA* na *PRDP*.

Samantala, dalawang buwan na lamang at matatapos na ang ating *farm school*, minamadali po natin ang konstruksyon nito na ang pondo ay galing pa rin sa *DAR*. 'Yung mga kababayan nating magsasaka, diyan kayo tuturuan ng mga bagong teknolohiya sa agrikultura.

At sa loob naman ng 3 o di kaya ay 5 taon, ang pamamahala sa *APTC* ay ililipat na sa kooperatiba na may kakayahang magmaneho ng sentrong ito. Hindi po ako mananatiling gobernador ng Camarines Norte at gusto ko na itong proyekto namin nina *Sec.* Alcala at *Pres.* Noynoy Aquino ay tuluy-tuloy ang operasyon. Sa ngayon ay *provincial government* ang magpapatakbo nito. Lahat ng mga produkto ninyo ay kukunin namin kahit sa dulo ng Camarines Norte. May apat na *reefer vans* na binili

(Sundan sa pahina 6)



***Labis ang kagalakan ni Gob. Edgardo A. Tallado habang ipinagkakaloob sa kanya ang plake ng Performance-Based Incentive Award samantalang binabasa naman ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel ang nasusulat sa plake na patunay nang mahusay at masinop na implementasyon ng Pamahalaang Panlalawigan ng mga proyekto ng DAR sa lalawigan sa ilalim ng ARCP 2. "Suma total, wala tayong ginastos ni singko sa proyektong ito. Mapalad tayo," sabi pa ng gobernador.***



The Department of Agrarian Reform
and the
Department of Finance-Municipal Development Fund Office

Confers the

PERFORMANCE-BASED INCENTIVE AWARD

to the

PROVINCE OF CAMARINES NORTE

in recognition of its exemplary performance in the areas of agrarian reform initiatives, planning, budgeting, procurement, resource mobilization, governance, financial accountability and institutional development, made possible through the support of the Agrarian Reform Communities Project II jointly funded by the Asian Development Bank and the Government of the Philippines.

Given this 15th day of May 2014, at Metro Manila.

VIRGILIO R. DELOS REYES
Secretary
Department of Agrarian Reform

ROSALIA V. DE LEON
Treasurer of the Philippines and
Chairperson MDFO-Policy Governing Board
Department of Finance

## Insentibong P 9.9 milyon...

(Mula sa pahina 1)

buuang halaga kapag natapos na ang mga kaakibat na proseso at iba pang mga dokumento na kailangang isumite ng pamahalaang panlalawigan.

Ang *cash incentive* na P9.9 milyon ay maaaring gastusin sa ibang proyekto na binabalak ng gobyerno probinsyal.

Sa harap ng lahat ng dumalo ay binasa ng kinatawan ng *DAR* ang nakasulat sa plake bago ito ipinagkaloob ni *DAR Sec.* Delos Reyes kay Gob. Tallado. Kasunod nito ay ang pagkakaloob ng simbolikong tseke. ***(Ricky M.Vito/ jing@calimlim)***

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:***

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator I*

Rikki Vito, *Communications Liason, Provincial Information Office*

***EXECUTIVE EDITOR:***
JING ARRIOLA CALIMLIM
***NEWS EDITOR:***
Lorena T. Ibasco,
***LAYOUT:***
Engr. Wilson V. Porcincula
***PHOTOGRAPHER*** :
Luigi Martin P. Querubin.
***CIRCULATION*** :
Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:***

**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua

**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong

## Paggamit ng plastik...

(Mula sa pahina 6)

na dito sa Camarines Norte ang nagsimulang gumamit ng *recyclable materials* tulad ng papel na pambalot sa mga pinamili o *take-out* na pagkain at mga *reusable* na *utensils* para sa *dine-ins* lalo na sa bayan ng Daet sapagkat may umiiral ng ordinansa ukol dito.

Inaasahang bunga nito ay magiging mabenta ang *reusable o bio-degrable bags* kaya kailangan na mabantayan ang posibleng pananamantala ng mga negosyante na magbebenta nito. Papatawan ng karampatang penalidad ang mapatutunayang nagsamantala.

Papatawan ng multa at mabigat na penalidad na pagkakakulong ang paulit-ulit na lalabag sa Ordinansa. May probisyon din na palugit na tatlong taon bago tuluyang ipagbawal dito ang paggamit ng mga *non-biodegradable materials*, lalo na ang *styrofoam*. ***JING ARRIOLA - CALIMLIM***

Mga piling larawan

# APTC inauguration, Mayo 15, 2014



Kasabay ng pasinaya ng APTC ay ang pagsisimula ng kalakalan na pinamahalaan ng mga opisyal at kawani ng Office of the Provincial Agriculturist. Ikinatuwa naman ng mga namili ang murang presyo ng mga sariwang gulay at prutas.



Unveiling of Markers ng Camarines Norte Agri-Pinoy Trading Center. Nasusulat sa kaliwang marker ang pag-aalay ng APTC sa mga magsasaka ng Camarines Norte samantalang ang kanang marker ay nagpapahayag ng pasasalamat ng Pamahalaang Panlalawigan kay Pangulong Aquino at sa Kagawaran ng Agrikultura dahil sa pagkakaloob ng pondo para sa proyektong APTC




Tinatanggap ni Gob. Edgardo A. Tallado mula kay Leandro Gazmin, Director of DA-AMAS ang pinalaking tseke na simbolo ng paglilipat ng DA ng pondo sa pamahalaang panlalawigan na gugugulin sa pagpapatupad ng mga proyekto ng ARCP.



MURANG GULAY SA APTC- Sina DAR Secretary Virgilio Delos Reyes, Gob. Edgardo A. Tallado at DA Secretary Proceso Alcala habang masayang namimili ng gulay sa Agri-Pinoy Trading Center sa pagpasinaya rito noong May 14, 2014.




Ang pagbabasbas ng Agri-Pinoy Trading Center ay isinagawa ni Rev. Fr. Augusto Jesus B. Angeles III. Nasa larawan (l-r) sina Sec. Delos Reyes, Sec. Alcala, Gng. Josie Tallado, SP Member Senen jerez, SP Member Pol Gache at iba pa.




PROJECT TURN OVER. Matapos lagdaan ay tinanggap ni Gob. Tallado at ng mga Punong Barangay at kaukulang kinatawan ang dokumento ng pagsasalin ng 13 proyektong natapos na sa Camarines Norte sa ilalim ng ARCP2.

# Paggamit ng plastik, ipagbabawal! sinumang lalabag, magmumulta



Hon. Pamela Pardo
Board Member
District I

Isang Ordinansa na dumaan na sa *public hearing* noong Mayo 20, 2014 ang kasalukuyang binabalangkas ng Sangguniang Panlalawigan na siyang magsusulong sa pagre-*regulate* ng paggamit sa mga *plastic bags* o *non-biodegradable materials* ng mga *commercial establishments* sa lalawigan.

Nakapaloob sa panukalang ordinansa ni *Board Member* Pamela Pujalte-Pardo ang pagbabawal sa labis-labis na paggamit ng mga *plastic bags* sa mga *grocery stores*, malaki o maliit na tindahan at sa lahat ng palengke. Idagdag pa rito ang pagbabawal sa paggamit ng mga *styrofoam*, *plastic cups* at kubyertos sa mga *fast food chains* at *restaurants*.

Ang batas ay humihikayat sa paggamit ng mga *bio-degradable materials* sa halip na mga produktong gawa sa plastik. Tutukuyin din sa ordinansa ang mga panindang hindi maiiwasan ang paggamit ng mga *plastics*, katulad ng lalagyan ng mga hilaw na karne, isda at iba pang mga kagamitan na kailangan ang paggamit ng *plastics*.

Ang pagbabawal sa paggamit ng iba pang mga *non-biodegradable materials* ay sasaklawin din ng Ordinansa at anumang aktibidad na makapag-aambag sa pagkasira ng *ozone layer* tulad ng pagsusunog ng mga *plastics*.

Ilang *food chains* at *commercial establishments*


*(Sundan sa pahina 4)*

# Kampeon ng DRRM na si Dr. Carlos Galvez pumanaw na

Ang kinikilala sa Camarines Norte at Rehiyong Bikol na kampeon na tagapagsulong ng *Disaster and Risk Reduction Management (DRRM)* na si Dr. Carlos Galvez ay pumanaw na sa edad na 59 na taon dahil sa sakit na kanser.

Bagamat batid na niyang may malubha siyang karamdaman ay ginugol pa rin ni Dr. Galvez ang nalalabi niyang panahon sa patuloy na pagpapatupad ng mga programa ng kanyang tanggapan.

Sa katunayan sa isinagawang asembleya ng Philippine Councilors' League, isang buwan bago siya pumanaw ay masigasig pa niyang tinalakay ang *disaster preparedness and management program* ng pamahalaang panlalawigan. Napansin ng mga opisyales ng mga pamahalaang bayan ang kanyang hindi magandang pangangatawan kung kaya nang nabalitaan nila ang pagpanaw ni Dr. Galvez ay mas labis ang naging paghanga nila sa naturang opisyal.



Dr. Carlos C. Galvez

Nabatid din sa isang pakikipagkwentuhan niya sa kasamahan niya sa kapitolyo na sinabi ni Dr. Galvez na handa na siya sa ang kalooban ng Diyos.

Si Dr. Galvez ay nahirang na *Provincial Disaster and Risk Reduction Management (PDRRM) Officer* ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte noong Pebrero 14, 2011. Sa pamamagitan niya ay naipatupad ni Gob. Edgardo A. Tallado ang itinatakda ng batas na pagtatatag ng *PDRRM Department* ng pamahalaang panlalawigan. Isa ang kapitolyo probinsyal sa mga naunang probinsya na tumalima rito. Dito rin naitayo sa lalawigan ang kauna-unahang Sanayang Pangkaligtasan sa bansa na mahusay na pinamahalaan ni Dr. Galvez at dinadayo ng ibang mga bayan at lalawigan upang doon sila magsanay sa patnubay ni Dr. Galvez.

Dalawang magkasunod na taon (2012 at 2013) na nahirang ang *PDRRM Council-Camarines Norte* bilang *BEST PDRRMC* ng Rehiyong Bikol.

Labis ang panghihinayang ni Gob. Tallado sa pagkawala ni Dr. Galvez na itinuturing na isa sa pinakamasipag at pinakamahusay na hepe ng pamahalaang panlalawigan.

Matatandaan na unang nanungkulan si Galvez bilang *Municipal Planning and Development Officer* ng bayan ng Labo. Naitalaga rin siya bilang *station manager* ng *DWLB Fm* Labo sa ilalim ng administrasyon ni dating Labo Mayor Winnie Balce Oco.

Marami ng mga pagkilala at parangal ang natanggap ni Dr. Galvez simula pa ng siya ay naging kawani ng *LGU* Labo hanggang sa kanyang pagpanaw bilang *PDDRMO* ng Camarines Norte. ***Jing A. Calimlim***

# Mensahe ni Gob...

*(Mula sa pahina 4)*

mula sa pondo ng *DA* kaya walang dahilan para hindi kayo magtanim dahil ang pamahalaang panlalawigan na mismo ang kukuha at bibili ng inyong mga produkto. Dahil wala ng *middlemen*, siguradong mas kikita kayo at masisiguro rin na tama ang presyo.

Ito ang araw na hindi ninyo makakalimutan - si Pang. Aquino, si *Sec.* Alcala, Sec. delos Reyes at si Gob. Egay Tallado kasama ang Sangguniang Panlalawigan sa pamumuno ni Vice Gov. Pimentel. Ginawa na namin ang lahat: pinagawa namin ang mga kalsada; binigyan namin kayo ng kuryente–lahat ng barangay napailawan na; lahat ng malalayong barangay ay napupuntahan na ng mga sasakyan - noong araw lakad lamang tayo, ngayon nararating na ng mga sasakyan kahit liblib na mga barangay. 'Yan po, mahal kong mga kababayan, ang iiwanan kong pamana sa inyo.

Meron na rin tayong *Cory Aquino Blvd.* kung saan apat na bayan ang pinagdugtung-dugtong natin: Mercedes, Daet, Talisay, at Vinzons. Marami nang naging gobernador at *congressmen*, nagawa po ba nila 'yan? Kayo na po ang matapat na sumagot.

Muli po, maramingmaraming salamat sa inyong lahat lalo na sa ating mga bisita na walang sawang sumusuporta sa ating probinsya. Sa ating mga magsasaka, mabuhay po kayo at ang ating lalawigan.

# Camarines Norte dinayo...

*(Mula sa pahina 8)*

*farmers*.

Itinampok sa naturang *2nd Farm Tourism Congress* ang mga matagumpay na *farm camps* sa bansa tulad ng *Sunflower Farms* sa Ligao *City*, Albay; Rapha *Valley* sa Negros Occidental; *Dragon Fruit Farm* sa Burgos, Ilocos Norte, at ang Dasoland sa Dasol, Pangasinan.

Bukod sa *ISST*, ang ginanap na *farm tourism congress* ay itinaguyod din ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pangunguna ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado, at ng *LGU* Daet sa pamumuno ni Mayor Tito S. Sarion. Ito ay sinuportahan din ng *Department of Tourism (DOT)*, *Department of the Interior and Local Government (DILG)*, *Department of Agrarian Reform (DAR)*, at *Department of Agriculture (DA)*. ***(Rikki M. Vito-Communication Liaison)***

# JPES covered court pinasinayaan...

*(Mula sa pahina 8)*

ng *First Grand Alumni Homecoming* ng *JPES* ngunit hindi ito natuloy. Tamang-tama naman na natuloy ang pasinaya nito kasabay ng *multi-services caravan* para sa mga mamamayan ng *North* at *South Poblacion* at iba pang karatig-barangay. Ang *JPES covered court* ang naging *venue* sa paghahandog ng mga serbisyo ng pamahalaang panlalawigan tulad ng libreng pagpapasuri sa doktor kasama ang libreng gamot, libreng bunot, gupit, *hot oil treatment*, pamamahagi ng mga pananim, *reading glasses*, at iba pa.

Ayon kay Gob. Tallado, pinili niyang lugar ng *caravan* ang *JPES* bilang pakikiisa rin sa Brigada Eskwela na isinasagawa ng mga paaralan tuwing buwan ng Mayo. Marami ring mga mag-aaral at guro ng *JPES* ang nabenipisyuhan ng isinagawang *multi-services caravan* doon.

Ibinida rin ni Gob. Tallado ang maganda, mahusay at masinop na paggagawa ng *JPES covered court* na maituturing na pinakamaganda sa iba pa niyang naunang mga ipinagawang *covered courts*. Sinabi rin niyang nagkakahalaga lamang ng P2-milyon ang proyekto na kung ikukumpara sa natatanaw mula sa paaralan na *covered court* na proyekto ng dating kongresista na nagkakahalaga nang mahigit P2-M ngunit kalahati lamang ang natapos.

Mula sa *savings* ng pamahalaang panlalawigan ang ginamit sa untiunting pagbubuo ng *covered court* na sinimulan noong isang taon.

Punong-puno naman ng pasasalamat kay Gob. Tallado ang mensahe ni Gng. Gloria Baleza, *Principal III*, gayon din ang pananalita ni Dr. Cecilia Panganiban, Pangulo ng *General PTA Association*.

Dumalo rin sa pasinaya sina Punong Barangay Leda Aler ng *South Poblacion* at Regino Abonita ng North Poblacion kasama ang kanilang kagawaran. Dumating din sa okasyon ang iba pang kapitan ng mga barangay ng Jose Panganiban.


Samantala ang *multi-services caravan* para sa mga taga–barangay Plaridel at *Motherlode* na isinagawa naman sa *covered court* ng Plaridel ay dinagsa rin ng kanilang mga residente at karatig-barangay. Doon naman ipinabatid ng gobernador kay Kapitan Rolando Rafon ng Plaridel na sisimulan na ang proyekto para sa pag-sasaayos ng *barangay hall/evacuation center* ng kanyang barangay. ***jing@calimlim***

# Sigla ng Sining ...

*(Mula sa pahina 7)*

Hindi lamang para sa mga kabataan ang naturang *arts workshops* ngayong taon sapagkat nagkaroon din ng *flute workshop* na para naman sa mga tinedyer, guro at iba pang propesyonal. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/jac***

# Gadyet sa pagsukat ng lindol ilalagay sa kapitolyo




Ang *PHIVOLCS ay* magsasagawa sa *Provincial Capitol Building* ng instalasyon ng *Seismic Intensity Meters,* isang *box-like structure* na may maliit na *monitor* at *data communication capabilities* na may kakayahang sukatin ang *intensity* ng lindol at ihatid ang *real-time data* sa *PHIVOLCS database* para sa wastong deskripsyon at pagsukat sa *intensity* ng lindol.

Ang may 100 *quake intensity meters* ay ikakalat sa iba't-ibang lugar sa bansa kasama ang Camarines Norte simula ngayong 2014 upang makapaglabas ng mas tama at mas mabilis na *earthquake readings*.

Sa pamamagitan ng paglalagay ng mas maraming *sensors*, magkakaroon ng mas mahusay na pagtingin ang *PHIVOLCS* kung saan at kailan posibleng magkaroon ng pagguho ng lupa *(landslide)* o *tsunami* man na mahalaga para mabilis itong maipaalam sa mga kinauukulang pamahalaang lokal at *disaster councils* para sa kanilang kaukulang aksyon. Dahil dito ay mababawasan ang bilang ng mga mabubuwis na buhay pati na ang pinsala sa mga ari-arian kapag may lindol.

Si Gob. Edgardo A. Tallado ay lumagda na sa *Memorandum of Agreement (MOA)* sa pagitan ng *Provincial Government of Camarines Norte* at *Philippine Institute of Volcanology and Seismology (PHIVOLCS)*. Pinagtibay ng Sangguniang Panlalawigan ang SP Resolusyon Blg. 185-2014 bilang pagsang-ayon nito sa nasabing kasunduan. ***LORENA DELA TORRE IBASCO***

# Child Protection Unit itatatag para sa mga kaso ng pang-aabuso sa kabataan

Isang proyekto ang pagtutulungang ipatupad ng *Child Protection Network Foundation, Inc. (CPNFI)*, *Provincial Government of Camarines Norte (PGCN)* at *Camarines Norte Provincial Police Office (CNPPO)* upang maiwasan at mapababa ang kaso ng pang-aabuso sa mga kabataan *(child abuse)*, *domestic violence*, *trafficking in persons* at iba pang krimen laban sa mga kababaihan at kabataan dito sa Camarines Norte.

Sa ilalim ng kasunduan na nilagdaan ni Gob. Edgardo A. Tallado bilang kumakatawan sa *PGCN* at ni *CPN Executive Director Dr.* Bernadette Madrid, magtutulungan ang dalawang institusyon para makapagtayo ng kahit isang (1) *child protection unit* dito sa Camarines Norte at para sa pagbibigay ng pagsasanay *(training)* sa mga propesyonal ukol sa tama at sensitibong paghawak at pamamahala sa mga *child abuse cases*.

Ang *CPN* ay isang *non-government organization (NGO)* na ang gawain ay nakatuon sa pagpapaas sa bukas at mabilis na serbisyo at pagkakaroon ng pinakamataas na antas ng pangangalaga para sa mga naabusong kababaihan at kabataan.

Samantala, ang *PGCN* sa ilalim ng administrasyon ni Gob. Tallado ay tuluy-tuloy ang gagawing pagpapatupad ng mga programa para sa kapakanan ng kabataan.

Kasama ring lumagda sa kasunduan si *Provincial Health Officer Dr.* Myrna P. Rojas na kumatawan sa *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)* at si *PSSupt.* Moises C. Paguaduan na kinatawan ang *CNPPO*. Inaasahan na sa kanilang magkakasamang pagkilos ay matitiyak na ang mga kabataan dito sa Camarines Norte ay matatamasa ang kanilang karapatan para sa maayos na kalusugan, edukasyon, proteksyon pati na ang pagkakataon na makilahok sa mga gawaing pangkomunidad at iba pa.

Ang naturang inisyatibo ay sinuportahan ng Sangguniang Panlalawigan sa pamamagitan ng pag-aproba sa Resolusyon Blg. 190-2014. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/JAC***

# Bellen, Olivar at LPMC kinilala sa 2014 Gawad Saka Regional Search

Taunang isinasagawa ng *Department of Agriculture (DA)* ang *Search for* Gawad Saka *Achievers for Agriculture and Fisheries* kung saan ngayong taon ay may 5 *regional entries* ang Camarines Norte. Sa naturang bilang, 3 ang nanguna sa ilalim ng kategoryang kanilang sinalihan.

Ito ay sina Ms. Editha B. Bellen na tinanghal na *Outstanding Rice Farmer Adopting Integrated Farming* habang nanalong *Outstanding Coconut Farmer* si Mr. Flor L. Olivar, at *Outstanding Small Farmers/ Fisherfolks Organization* naman ang Labo *Progressive Multi-Purpose Cooperative (LPMPC)*.

Sa pamamagitan ng pagpatibay ng Resolusyon Blg. 195-2014. ng Sangguniang Panlalawigan sa pangunguna ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel, ay kinilala ang kanilang kontribusyon sa promosyon ng *agriculture research* at *integrated farming* na nagsisilbi ring inspirasyon sa mga lokal na magsasaka at organisasyong pansakahan.

Si Bellen ay una nang tinanghal na *Woman Farmer* sa bayan ng Sta. Elena sa taong 2013 at naging *national awardee* siya sa *2013 Search and Award for The Outstanding Farmers of the Philippines – Woman Farmer Category-High Value Commercial Crops*.

Si Flor na nagtapos ng *BS in Agricultural Education* mula sa *Camarines Norte State College*-Labo *Campus* ay umaani ng 96 niyog sa bawat puno na lubhang mataas kaysa sa *regional norm* na 34.79 bunga bawat taon. Sa 8 metrong pagitan ng mga punong niyog, nagsagawa siya ng *intercropping* sa pamamagitan ng salit-salitang pagtatanim ng rambutan, talong, petsay at ampalaya pati na *sweet corn*, papaya at *watermelon* na mabilis naman niyang naibebenta.

Isang huwarang *coconut farmer* si Flor na sinikap na maging *environment-friendly*, *profitable agri-entrepreneur*, at produktibong lider ng komunidad. Patuloy niyang itinuturo at ibinabahagi sa kapwa-magsasaka ang mga kaalamang nakuha niya sa Japan bilang dating benepisyaryo ng *Young Filipino Farmers Training Program in Japan*.

Pinangalanan naman bilang *Outstanding Small Farmers/Fisherfolks Organization* ang *LPMPC* na isang progresibong kooperatiba na may malaking bilang ng mga kasapi at nagbibigay ng iba't-ibang serbisyo tulad ng *loan assistance* para sa kabuhayan. Malaki din ang kanilang ambag sa ekonomiya at industriya ng pinya sa Camarines Norte. Kani-lang pinayayabong ang mga produktong ikinakalakal na yari sa pinya tulad ng kasuutang barong tagalog at *Queench drink* at *Queens dried pineapple.* ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/jing arriola calimlim***




***Masayang tinanggap ng mga kabataang kalahok sa summer arts workshop ang kanilang Certificate of Attendance matapos ang kanilang Showcase of Talents and Recital. Itinataguyod ng Office of the Governor - Museum, Archives and Shrine Curation Division, ang taunang programa, sa pamumuno ni G. Abel Icatlo (nasa gitna) kasama ang iba pang kawani ng kanyang tanggapan.***

# Sigla ng Sining, 16 na taon nang tinatangkilik

Tradisyonal nang nagtatapos ang *Summer Arts Workshop* ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Showcase of Talents and Recital* na ngayong taon ay isinagawa sa *Central Plaza Mall Atrium*, Daet, Camarines Norte noong Mayo 6, 2014 sa *Central Plaza Mall* na pinamagatang ***Sigla ng Sining***.

Tampok din dito ang *Likha, Larawan at Liwanag (visual arts exhibit)* ng *Camarines Norte Visual Artists Association (CANVASS)* kasama si Erwin D. Jamito at sumisibol na mga batang pintor dito sa lalawigan ng Camarines Norte

Ang mga sining na tampok ay *painting, flute, folkdance, theater arts* at *guitar workshops* na ang mga nagtuturo ay mga propesyonal sa iba't-ibang larangan ng sining.

Ika-16 na taon nang ipinagpapatuloy taun-taon ang *Summer Arts Workshop* na labis na ipinagpapasalamat ng mga kabataang edad 7 taon at pataas na may angking talento o interes sa sining ng pagguhit o pagpinta, pagsayaw, pagkanta, pag-arte, o pagtugtog ng mga instrumentong pangmusika (gitara, banduria) na nahahasa dahil sa *summer workshop* na libre. Natutuwa rin ang kanilang mga magulang dahil nagugugol nila sa produktibong gawain ang panahon ng bakasyon sa eskwela.

*(Sundan sa pahina 6)*

# Camarines Norte dinayo ng turista bilang host ng 2nd Farm Tourism Conference

## *Sen. Cynthia Villar, Keynote Speaker*

Malaki ang oportunidad sa pag-asenso sa pamamagitan ng sumisikat na industriya ng *farm tourism*. Ito ang pahayag ni Sen. Cynthia Villar bilang *keynote speaker* sa *2nd Farm Tourism Conference* na ginanap dito sa Daet, Camarines Norte noong Mayo 14-16, 2014.

Sa temang *"Tourism and Family Planning,"* sinabi ng senadora na ang malaking bahagi ng ekonomiya ng Pilipinas ay nakatali sa agrikultura at dahil dito ay dapat samantalahin ang biyayang dulot ng "turismong pambukid" na akma para sa mga pamilyang magsasaka.

Sa makabagong konsepto ng pagsasanib ng agrikultura at turismo, madadagdagan ang kinikita ng mga maliliit na magsasaka na malaon nang napabayaan, ayon kay Sen. Villar.

"Singkwenta porsyento ng pagkain sa buong daigdig ay mula sa *family farmers*. Ang pagkakaroon natin ng sapat na pagkain ay nakasalalay sa *smallholder farmers* ngunit nakakalungkot na sila'y karaniwang hindi binibigyang-pansin," pahayag pa rin ng senadora.

Dumating din si Dr. Mina Gabor, dating kalihim ng Kagawaran ng Turismo at presidente ng *International School for Sustainable Tourism (ISST)* na nagtaguyod ng tatlong araw na *farm tourism congress*.

Sa pamamagitan ng *agri-tourism* o *farm tourism*, isinusulong ni Gabor at ng *ISST* ang pang-aakit sa mga bisita at biyahero na pumasyal sa mga bukirin para magkaroon ng kaalaman o edukasyon ukol sa agrikultura kasabay ang paglilibang. "Sa ganitong paraan ay matutulungan ang maliliit na mga pamilya at pamayanan ng mga magsasaka," wika ni Dr. Gabor

Ito ang mga dahilan aniya kung bakit sinusuportahan niya ang *"agri-entrepreneurship"* kung saan makikinabang ang tinatawag na mga *family*

(Sundan sa pahina 6)



*Dumalo sa 2nd Farm Tourism Congress sina Mayor Tito Sarion ng Daet, Gob. Edgardo Tallado, Senator Cynthia Villar at Ms. Myna Gabor, dating kalihim ng DOT .*

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte
TAON 5, BLG. 1 DAET, CAMARINES NORTE MAYO 2014
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# Calaguas Island ibinandila sa ABS-CBN

Itinampok ang Calaguas Island sa programang BANDILA ng *ABS-CBN* noong Mayo 9, 2014 gayundin sa Umagang Kayganda ng sumunod na araw.

Si Jonathan Magistrado ng *ABS-CBN Naga* ang nag-ulat kasabay ang pagpapalabas ng *video clips* na nagpapakita ng kagandahan ng Calaguas *Island* at ang iniaalok nito na *beach camping experience*. Ipanakita ang maraming pwedeng gawin sa isla tulad ng *swimming, snorkelling, beach volleyball, cliff diving, freesbie, swim boarding, kayaking, trekking* sa burol at magpa-*henna tattoo*.

Nagtungo ang *production staff* ng *ABS-CBN Naga* sa Calaguas *Island* noong Mayo 3-4, 2014 para sa *shooting* ng ngayon ay pamosong isla sa bayan ng Vinzons dito sa Camarines Norte na patuloy na dinarayo ng mga turista.

Bago ito ay nakipag-ugnayan sina Magistrado at *Engr.* Benny Elevado, *Sales Manager* ng *ABS-CBN* Daet kay Gob. Edgardo A. Tallado para sa pagpunta ng kanilang *crew* sa Calaguas *Island*. Kasama nilang nagtungo roon si *Acting Provincial Information Officer* Jing Arriola Calimlim at Luigi Querubin, *Community Affairs Assistant*.

Itinampok din ang Calaguas *Island* sa Marhay na Aga Kapamilya sa *ABS-CBN channel* dito sa Bicol na nabigyan nang mas mahabang oras sa ere kasama na ang panayam kay Gob. Tallado ukol sa mga plano ng pamahalaang panlalawigan sa Calaguas *Island*.

Ipinahayag ni Gob. Tallado na binabalangkas na ng Sangguniang Panlalawigan ang isang ordinansa upang hindi maabuso ang Calaguas *Island*. **jing@calimlim**




***Si Karen Davila sa kanyang intro na: "Sa Camarines Norte, pasyalan ng mga turista ang 19 na isla ng Calaguas sa bayan ng Vinzons para sa ibaibang summer adventureS, magba-Bandila si Jonathan Magistrado.***

# JPES covered court pinasinayaan kasabay ng Multi-Services Caravan

Itinuturing na pinakamagandang *covered court* sa bayan ng Jose Panganiban, ang *covered court* ng *Jose Panganiban Elementary School (JPES)*na pinasinayaan noong Mayo 9, 2014 kasabay ng pagtungo doon ng Pamahalaang Panlalawigan para sa pagsasagawa ng *multi-services caravan* sa mga barangay ng North Poblacion, South Poblacion, Plaridel at Motherlode.

Natuwa si Gob. Edgardo A. Tallado sa sabayang pagbigkas ng mga guro ng pasasalamat sa kanya para sa pagkakaloob ng nasabing proyekto sa kanilang paaralan .

Itinakda sanang pasinayaan ang *covered court* noong Mayo 1, 2014 sa pagdaraos

(Sundan sa pahina 6)



***Pinangunahan ni Rev. Fr. Joel Villania, parish priest ng Jose Panganiban ang pagbabasbas ng JPES covered court na proyekto ni Gob. Edgardo A. Tallado***